CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
DEPARTMENT OF ELECTIONS

# Gabay sa Pagpaparehistro at Pagboto para sa mga Hindi Mamamayang Magulang at Tagapangalaga

## Nobyembre 3, 2026
## Eleksyon para sa Lupon ng Edukasyon (Lupon ng mga Paaralan)

### MAHALAGANG PAUNAWA PARA SA MGA HINDI MAMAMAYAN NG ESTADOS UNIDOS

Posibleng makuha ng Immigration and Customs Enforcement (Tagapagpatupad ng Batas ukol sa Imigrasyon at Adwana, ICE) at iba pang ahensiya, organisasyon, at indibidwal ang anumang impormasyong ibibigay ninyo sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) kasama na ang inyong pangalan at address. Bukod dito, kapag nag-aplay kayo para sa naturalisasyon o pagka-mamamayan, tatanungin kayo kung nakapagparehistro o nakaboto na kayo sa pederal, pang-estado o lokal na eleksyon sa Estados Unidos. Baka gusto ninyong kumonsulta sa abogado sa imigrasyon, organisasyong nagbibigay ng proteksiyon sa karapatan ng migrante, o iba pang mapagkukunan ng kaalaman bago kayo magbigay ng anumang personal na impormasyon sa Department of Elections at bago kayo magparehistro para bumoto sa Eleksyon ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) ng San Francisco. Makikita ninyo ang listahan ng mga organisasyong nonprofit na may espesyalisasyon sa pagprotekta sa mga karapatan ng migrante sa ***sfelections.gov/NCV***.

# Mga Mahahalagang Petsa at Mapagkukunan ng Impormasyon

## Lunes, Oktubre 5 hanggang Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 3

- Matatanggap ng mga botante ang kanilang mga pakete ng vote-by-mail na balota.
- Maaaring ma-download at markahan ng mga botante ang isang aksesibleng vote-by-mail na balota sa ***sfelections.gov/ncvaccess***.
- Maaaring bumoto nang personal ang mga botante sa Sentro ng Botohan sa City Hall.
- Maaaring ibalik ng mga botante ang kanilang binotohang balota sa alinman sa 37 opisyal na kahon na hulugan ng balota sa Lungsod.

## Lunes, Oktubre 19

Huling araw para magparehistro para bumoto at makatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo.

*Pagkatapos ng Oktubre 19, maaaring magparehistro at bumoto ang elihibleng mga residente sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa isang lugar ng botohan hanggang sa Araw ng Eleksyon.*

## Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 3

Maaaring bumoto nang personal ang mga botante sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa kanilang lugar ng botohan mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

# Elihible ba ako na magparehistro upang bumoto sa Eleksyon para sa Lupon ng Edukasyon?

Beripikahin ang inyong elihibilidad upang magparehistro para sa Nobyembre 3, 2026, Eleksyon para sa Lupon ng Edukasyon ng San Francisco sa pamamagitan ng pagkumpirma sa lahat ng mga sumusunod:

- ☐ Ako ay hindi isang mamamayan ng Estados Unidos
- ☐ Ako ay nakatira sa San Francisco
- ☐ Ako ay walang balak na lumipat bago ang Nobyembre 3, 2026
- ☐ Ako ay isang magulang, legal na tagapatnubay, o tagapangalaga* ng isang bata na nakatira sa San Francisco at mas mababa sa 19 na taong gulang sa Nobyembre 3, 2026
- ☐ Ako ay hindi bababa sa 18 taong gulang sa Nobyembre 3, 2026
- ☐ Ako ay hindi nakakulong dahil sa felony
- ☐ Ako ay hindi napatunayan ng isang hukuman na walang sapat na kakayahan ang pag-iisip para bumoto

** Ang tagapangalaga ay isang taong pumipirma sa affidavit para i-enroll ang isang menor de edad sa paaralan at pumapayag sa mga pangangalagang medikal na may kaugnayan sa paaralan sa ngalan ng menor de edad. Tinutukoy ito ng batas ng estado, sa CA Family Code §6550-6552.*

*Ang pagpaparehistro upang bumoto sa Lupon ng Edukasyon ng San Francisco ay hindi nagpapahintulot sa inyo na bumoto sa anumang iba pang pampederal, pang-estado o lokal na eleksyon.*

# Paano ako makapagpaparehistro para bumoto?

## 1. Kumuha ng Form para sa Pagpaparehistro

Makakukuha kayo ng Form para sa Pagpaparehistro ng mga Hindi Mamamayan para maging Botante para sa Nobyembre 3, 2026, Eleksyon para sa Lupon ng Edukasyon sa pamamagitan ng:

- Pagtawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 558-6104,
- Pag-print ng form mula sa ***sfelections.gov/NCV***, o
- Pagbisita sa tanggapan ng Departamento sa City Hall, Room 48.

Bilang isang hindi mamamayan, hindi ninyo maaaring gamitin ang form ng estado para sa pagpaparehistro bilang botante o magparehistro sa mga pang-estadong tanggapan (hal., Departamento ng mga Sasakyang de Motor).

## 2. Ibalik ang Form bago ang Oktubre 19

Basahin ang Mahalagang Paunawa, pagkatapos ay gamitin ang checklist para kumpirmahin ang inyong elihibilidad bago kumpletuhin at ibalik ang form.

Maaari ninyong ibalik ang form sa pamamagitan ng koreo (hindi kailangan ng selyo), o dalhin ang form sa tanggapan ng Departamento ng mga Eleksyon sa City Hall, Room 48.

Kapag natanggap na namin ang inyong form para sa pagpaparehistro, padadalhan namin kayo ng sulat para kumpirmahin ang inyong rehistrasyon bilang botante.

*Maaari kayong magparehistro at bumoto pagkatapos ng Oktubre 19 sa tanggapan ng Departamento ng mga Eleksyon sa City Hall o sa alinmang lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 3.*

# Paano ko malalaman ang tungkol sa mga kandidato na nasa balota?

Kung magpaparehistro kayo para bumoto nang hindi lalampas sa Oktubre 19, padadalhan kayo sa koreo ng Departamento ng mga Eleksyon ng isang Booklet ng Impormasyon para sa Botanteng Hindi Mamamayan sa Oktubre.





Maglalaman ang booklet na ito ng impormasyon tungkol sa mga kandidato para sa Lupon ng Edukasyon at isang halimbawang balota na maaari ninyong gamitin sa pagsasanay sa pagmamarka ng inyong mga napili.


Mababasa ninyo ang booklet na ito online sa ***sfelections.gov/ncvportal***.

# Ano ang mga opsiyon ko sa pagboto?

Bilang isang rehistradong botante sa San Francisco, maaari kayong bumoto sa pamamagitan ng koreo o nang personal. Ipaliliwanag sa ilang mga sumusunod na pahina kung papaano.




Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo




Pagboto nang Personal

# Paano ako makaboboto sa pamamagitan ng koreo?

Kung magpaparehistro kayo para bumoto nang hindi lalampas sa Oktubre 19, padadalhan kayo sa koreo ng Departamento ng mga Eleksyon ng pakete ng balota sa Oktubre. Maglalaman ang pakete na ito ng balota, mga instruksiyon, isang “Bumoto Ako” na sticker, at isang pambalik na sobre na bayad na ang selyo.

Para bumoto sa pamamagitan ng koreo, kakailanganin ninyong kumpletuhin ang tatlong mga hakbang:


## 1. Markahan ang inyong balota

Basahin ang mga instruksiyon na nakalimbag sa balota. Punan ang oval sa tabi ng inyong napili gamit ang isang panulat na may itim o asul na tinta.

Kung kailangan ninyo ng pamalit na balota, tumawag sa (415) 558-6104.

## 2. Kumpletuhin at pirmahan ang inyong sobre


Tanggalin ang resibo at ilagay ang inyong balota sa loob ng pambalik na sobre na may bayad nang selyo. Kumpletuhin at pirmahan ang likod ng inyong sobre.



## 3. Ibalik ang inyong sobre nang hindi lalampas sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3!


### Bago ang Araw ng Eleksyon

Maaari ninyong ihulog ang inyong sobre ng balota sa isang opisyal na USPS mailbox o sa isang opisyal na Kahon na Hulugan ng Balota.




### Sa Araw ng Eleksyon

Ihulog ang inyong sobre ng balota sa isang opisyal na Kahon na Hulugan ng Balota o dalhin ang inyong balota sa isang post office counter at humiling ng "hand-stamp" o "manual postmark."




Ang koreong inihulog sa isang USPS mailbox sa Araw ng Eleksyon ay maaaring hindi makuha o malagyan ng postmark hanggang sa susunod na araw.

Ang huling postmark ay nangangahulugan na hindi mabibilang ang inyong balota.

### Mga Tool sa Web kaugnay sa Vote-by-Mail

I-download at markahan ang isang aksesibleng balota sa ***sfelections.gov/ncvaccess***.

Hanapin ang malapit na kahon na hulugan ng balota sa ***sfelections.gov/dropboxes***.

Subaybayan ang inyong balota sa ***sfelections.gov/ncvportal***.

# Paano ako makaboboto nang personal?


Para hanapin ang inyong itinalagang lugar ng botohan sa komunidad:

- Pumunta sa ***sfelections.gov/ncvportal***,
- Tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 558-6104, o
- I-check ang likod na pabalat ng inyong Booklet ng Impormasyon para sa Botante.

Sa lugar ng botohan, kakailanganin ninyong kumpletuhin ang mga hakbang na ito:

## 1. Kunin ang inyong balota

Ibigay ang inyong pangalan at address sa isang manggagawa sa botohan at pumirma sa listahan ng mga botante.


CALIFORNIA ELECTION — ***Roster of Voters*** — CITY & COUNTY OF SAN FRANCISCO


**Board of Education Election**

WARMING: It is a crime punishable by imprisonment in the state prison or in county jail for anyone to fraudulently vote, fraudulently attempt to vote, vote more than once, attempt to vote more than once, impersonate a vote, or attempt to impersonate a vote. {California Election Code sections 14108 & 18560)

| XREF | VOTER NAME | LANGUAGE | ADDRESS | BALLOT | SIGNATURE | Voter ID |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1083 | Aardvark, Jenna | | 123 Van Ness Ave | ◯ | | |
| 1084 | Aardvark, John | | 123 Van Ness Ave | ◯ | John Aardvark | |


Bibigyan kayo ng isang manggagawa sa botohan o kawani sa Sentro ng Botohan ng mga materyales sa pagboto at isang balota na mayroon lamang labanan para sa Lupon ng Edukasyon.

*Maaari kayong pumili ng isang papel, audio, o touchscreen na balota.*



## 2. Markahan ang inyong balota

- Tiyakin na ang inyong balota ay naglalaman lamang ng labanan para sa Lupon ng Edukasyon.



BT-101

OFFICIAL BALLOT / 正式選票

BOLETA OFICIAL / OPISYAL NA BALOTA / LÁ PHIẾU CHÍNH THỨC

Board of Education Election (School Board Election) / 教育委員會選舉（學校委員會選舉）

Elecciones al Consejo de Educación (Elecciones al Consejo Escolar)

Eleksyon para sa Lupon ng Edukasyon (Eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan)

Cuộc Bầu cử Hội đồng Giáo dục (Cuộc Bầu cử Hội đồng Nhà trường)


City and County of San Francisco / 三藩市市縣

Ciudad y Condado de San Francisco / Lungsod at County ng San Francisco / Thành phố và Quận San Francisco

June 2, 2026 / 2026年6月2日 / 2 de junio de 2026 / Hunyo 2, 2026 / Ngày 2 tháng 6 năm 2026

| INSTRUCTIONS TO VOTERS / 選民須知 / INSTRUCCIONES / MGA INSTRUKSIYON SA MGA BOTANTE / HƯỚNG DẪN CHO CỬ TRI | |
|---|---|
| Use blue or black ink to mark your choice.<br>Fill in the oval next to your choice, as shown:<br>To vote for a qualified write-in candidate, write the name in the space below the candidate list and fill in the oval.<br>If you make a mistake, you may request a replacement ballot. | |
| 使用藍色或黑色墨的筆標記您的選擇。<br>填塗您選擇旁邊的橢圓圈，如圖所示：<br>若要投票給符合資格的補寫候選人，請在候選人名單末的位置填寫候選人的姓名，並填塗旁邊的橢圓圈。<br>如果您填寫出錯，您可以要求一份替換選票。 | Use tinta azul o negra para marcar su elección.<br>Rellene el óvalo junto a su elección, como se muestra:<br>Para votar por un candidato calificado no listado, escriba el nombre en el espacio al final de la lista y rellene el óvalo.<br>Si comete un error, puede solicitar una reposición. |
| Gumamit ng panulat na asul o itim ang tinta para markahan ang inyong napili.<br>Punan ang oval sa kanan ng inyong pinili, ayon sa nakalarawan:<br>Para bumoto ng kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato, isulat ang pangalan sa espasyong nasa ilalim ng listahan ng mga kandidato at punan ang oval.<br>Kung nagkamali kayo, maaari kayong humingi ng kapalit na balota. | Hãy sử dụng bút mực màu xanh dương hoặc màu đen để đánh dấu lựa chọn của quý vị.<br>Tô kín ô hình bầu dục bên cạnh lựa chọn của quý vị, như trong hình minh họa:<br>Để bỏ phiếu cho một ứng cử viên hợp lệ không có tên trong phiếu bầu, hãy điền tên người đó vào chỗ trống dưới danh sách các ứng cử viên và tô kín ô hình bầu dục.<br>Nếu quý vị lỡ ghi sai thì có thể yêu cầu được cấp một lá phiếu thay thế. |


- Basahin ang mga instruksiyon na nakalimbag sa itaas ng balota.
- Punan ang oval sa tabi ng inyong napili.




*Kung nagkamali kayo, maaari kayong humiling ng bagong balota.*

## 3. Isumite ang inyong balota

- Dalhin ang inyong balota na nasa loob ng pantakip na folder sa makinang kagamitan sa pagboto o kahon ng balota.




- Ipasok ang inyong balota sa loob ng makinang kagamitan sa pagboto o kahon ng balota.



# Ano ang aking mga karapatan sa pagboto?

**Bilang rehistradong botanteng hindi mamamayan, may karapatan kayo na:**

1. Bumoto sa eleksyon para sa Lupon ng Edukasyon sa Nobyembre 3, 2026
2. Bumoto gamit ang probisyonal na balota kung wala ang inyong pangalan sa listahan
3. Bumoto kung kayo ay nasa pila pa rin sa pagsasara ng botohan nang 8 p.m.
4. Bumoto sa isang lihim na balota na walang nang-aabala sa inyo
5. Makakuha ng bagong balota kapag nagkamali kayo
6. Hilingin sa ibang tao na tulungan kayong markahan ang inyong balota (maliban sa inyong tagapag-empleyo o kinatawan ng unyon)
7. Ihulog ang inyong vote-by-mail na balota sa alinmang lugar ng botohan
8. Makakuha ng impormasyon sa eleksyon sa inyong mas gustong wika
9. Magtanong sa mga opisyal ng eleksyon tungkol sa proseso ng eleksyon
10. Mag-ulat ng anumang ilegal o mapanlinlang na gawain sa eleksyon o pananakot sa botante sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 558-6104

*Isa pang paraan para makibahagi kayo sa eleksyon ay ang paglilingkod bilang isang manggagawa sa botohan. Gumaganap ng mahalagang papel ang mga manggagawa sa botohan sa Araw ng Eleksyon sa pamamagitan ng pagtulong sa mga botante sa mga lugar ng botohan, at maaaring kumita ng aabot sa $295 para sa kanilang serbisyo. Para sa higit pang impormasyon at para mag-apply, bisitahin ang* ***sfelections.gov/pwa****.*

# Mga katanungan? Nandito kami para tumulong sa inyo!



| | |
|---|---|
| English: | (415) 558-6100 |
| 中文： | (415) 558-6102 |
| Español: | (415) 558-6103 |
| Filipino: | (415) 558-6104 |
| Tiếng Việt: | (415) 558-6105 |
| TTY: | (415) 558-6108 |

**Department of Elections**
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102

***sfvote@sfgov.org***

***sfelections.gov/NCV***

**/sfelections**

*Maaaring magbigay, kapag hiniling, ang Departamento ng mga Eleksyon ng isang liham na a) naglilista ng pamantayang itinakda ng lokal na batas para sa mga hindi mamamayan ng Estados Unidos sa pagboto sa mga lokal na eleksyon para sa Lupon ng Edukasyon, at b) nagpapatunay na ang isang tao ay bumoto sa isang espesipikong eleksyon para sa Lupon ng Edukasyon. Maaaring hilingin ng isang botante ang liham na ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon.*

# Mga Mapagkukunan ng Impormasyon

**African Advocacy Network**
3106 Folsom St.
(415) 503-1032
***aansf.org***

**Arab Resource and Organizing Center**
522 Valencia St.
(415) 861-7444
***araborganizing.org***

**Central American Resource Center**
3101 Mission St., Suite 101
(415) 642-4400 /
(415) 872-7465
***carecensf.org***

**Chinese for Affirmative Action**
17 Walter U. Lum Pl.
(415) 274-6750
***caasf.org***

**Coleman Advocates for Children and Youth**
459 Vienna St.
(415) 239-0161
***colemanadvocates.org***

**La Raza Community Resource Center**
474 Valencia St., Suite 100
(415) 863-0764
***larazacrc.org***

**Mission Economic Development Agency**
2301 Mission St., Suite 301
(415) 282-3334
***medasf.org***

**Mission Graduates**
3040 16th St.
(415) 864-5205
***missiongraduates.org***

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagboto at mga mapagkukunan ng impormasyon kaugnay sa imigrasyon, mangyaring bisitahin ang ***sfelections.gov/NCV***. Naglalaman ang webpage ng mga link sa mga karagdagang website ng mga organisasyong nagbibigay ng access sa mga serbisyong panlipunan, panlegal, at pagka-mamamayan. Ang listahan ng mga organisasyong nakalista sa itaas ay bahagi ng Koalisyon sa Immigrant Parent Voting Coalition.